# Ika-72 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng：Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Dsyembre 22, 2021
（Wikang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
*（Wikang Hapon na madaling maintindihan）http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html*

## Ulat ng mga Deliberasyon ng mga Komite

◆ **Komite ng Internasyonal na Komunidad**

Sa Komite ng Internasyonal na Komunidad, napagdesisyonan na muling irekomenda ang "Multicultural Lounge (pansamantalang ngalan)" na inirekomenda noong taon ng 2015. So rekomendasyong ito, upang mapagsatuparan ang pag-gawa ng "Multicutural Lounge (pansamantalang ngalan)", nais naming muling pagsikapan ang diskusyon upang mabuting maipaalam ang layunin at kahalagahan ng rekomendasyong ito.

Tagapangulo ng Komite ng Internasyonal na Komunidad, Kiyomi Maeda

◆ **Komite para sa Ligtas na Pamumuhay**

Sa Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, napagdesisyonang irekomenda ang 1) pag-gawa ng multi-linggwal na kasangkapan para sa pangangalaga ng bata, at 2) muling irekomenda ang "Orientation para sa pamumuhay" na inirekomenda noong taon ng 2017. Habang isinasagawa ang rekomendasyon, magsisikap kaming isagawa din ang multi-lingwal na kasangkapan.

Tagapangulo ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, Nontticha Kodama

## Nais mo bang making ng Pagpupulong?

——Iskedyul ng meeting para sa 2021——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras： mula 2pm hanggang 5pm

| | | |
|---|---|---|
| Ika-4 na meeting | Unang Araw | Enero 16, 2022 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Pebrero 6, 2022 (Linggo) |

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

(* Upang maiwasan ang pagkahawa sa Coronavirus, limitado ang pwedeng makinig nang hanggang sampung tao. Ang pagtanggap ng mga makikinig ay magsisimula sa hapon ng 1:45pm.)

# Alam mo ba ang "My Number Card"?

1 Ano ang My Number (Individual Number)?

- Ito ay 12-digit na numero para sa mga nasa Japan na mayroon card ng residente o juminhyo
- Ginagamit ito sa 1. Social insurance; 2. Buwis; 3. Mga hakbang sa kalamidad
- Kapag nagparehistro ng residensya, makakakuha ng "Individual Number Notice" kung saan malalaman ang iyong My Number

2 Ano ang My Number Card?


- Ito ay card na may IC chip at nagtatala ng My Number, pangalan, adres, kaarawan, kasarian, at litrato.

3 Bakit nasasabing mas madali kung merong My Number Card?

- Dahil mayroong litrato, magagamit ito para sa pagkumpirma ng pagkakakilanlan.
- Maaari itong gamitin sa pagkuha ng mga papeles sa convenience store kagaya ng kopya ng juminhyo o sertipiko ng pagbubuwis

4 Pagpapagawa ng My Number Card

- Kapag dumating ang "Individual Number Notice", maaari nang magpagawa ng My Number Card
- Para mag-apply, pwede gamitin ang 1. Post office; 2. Computer; 3. Smartphone; 4. Booth na panglitrato
- Tatagal ng dalawang buwan mula pag-apply hanggang sa pagkuha ng card




5 Mga kailangan pag-ingatan

- Ang expiration ng katayuan ng paninirahan o visa ay kapareho ng expiration ng My Number Card.
- Kapag naextend ang visa, kailangan mag-apply ulit ng My Number Card.
- Kahit na maextend ang visa, hindi awtomatiko na maeextend ang My Number Card
- Ang pagpapagawa ng My Number Card ay libre sa una, ngunit kailangan magbayad ng 1,000 yen sa susunod na mga pagpapagawa.
- Kapag nagpalit ng adres o pangalan, kailangan pumunta sa ward office upang isulat ang pagbabago.

Thi Thu Trang Nguyen

# Mga inirerekomendang parke sa Lungsod ng Kawasaki

Ang Lungsod ng Kawasaki ay may iba't ibang parke tulad ng mga pangkalahatang parke, botanical garden, parke para sa pag-exercise, plaza, at mga luntiang lugar sa lungsod. Sa punto nang Marso 31, 2021, mayroong 1,271 na parke sa lungsod. May 3 parke na nais kong ipakilala at irekomenda.

1. **Daishi Park**



Ang Daishi Park ay malapit sa Kawasaki Daishi, kaya't pwedeng maglaro sa park pagkatapos pumunta ng temple. Makakarating dito gamit ang Keikyu Daishi Line. May 10 minutong lakad ito mula sa stasyon ng "Kawasaki Daishi" o "Higashi Monzen". Sa panahon ng tag-init, mayroong pool, at kahit hindi summer ay pwedeng maglaro sa tubig o magtayo ng tent. Meron din Hardin ng Tsino kung saan makikita ang halaman ng panahon o mga arkitektura ng Tsino. Ito ay park na pwedeng puntahan ng buong pamilya.

**2. Ikuta Ryokuchi**



Maliban sa mayamang kalikasan ng Ikuta Ryokuchi, meron din ditong science museum, folk house garden, at Taro Okamoto Museum of Art. Malapit din dito ang Fujiko F. Fujio Museum. Ito ay may 15 minutong lakad mula sa "Mukogaoka-Yuen Station" ng Odakyu Line. Pwede din pumunta dito sakay ng bus galing sa "Noborito Station" ng Odakyu Line o JR Nambu Line o kaya "Musashi Mizonokuchi Station" ng JR Nambu Line o Tokyu Denentoshi Line. Meron din parking lot ditto kaya pwede pumunta gamit ang sasakyan.

Dahil maraming institusyon dito, maaaring mag-enjoy buong araw sa pag-aaral o paglalakad. Dahil malawak ito, hindi kailangan mag-alala na siksikan ng tao. Inirerekomenda ito lalo na sa mga nasa elementarya.

3. **Nakahara Peace Park**



Ang Nakahara Peace Park ay nilakha para sap ag-asa ng mapayapang pamumuhay. Maliban sa istatwa para sa pag-alala ng kapayapaan at lugar para sap ag-exhibit ng pag-uukit, meron din itong amphitheater at "heiwa-kan". Ito ay may 5 minutong lakad mula sa istasyon ng "Motosumiyoshi", Tokyu Toyoko Line/Meguro Line

Dahil malawak ito at maraming mapaglalaruan, matutuwa ang mga bata dito. Maraming mga playset, at ang mga bata na iba't ibang edad ay maaaring maglaro.

Nontticha Kodama



# Sistema ng Paaralan at Edukasyon sa Japan

Sa pangkalahatan, ang sistema ng paaralan at edukasyon sa Japan ay 6 na taon sa elementarya, 3 taon sa junior high school, 3 taon sa high school, at 4 na taon sa college. Hindi pwede ang paglaktaw ng taon ng pag-aaral.

Obligado ang lahat na mag-aral ng 6 na taon ng elementarya at 3 taon ng junior high school (9 na taon sa kabuuan). Bago pumasok ng elementarya ay pwedeng mag-aral sa mga paaralan kagaya ng kindergarten.

## Pangunahing Sistema ng Paaralan at Edukasyon

| Edukasyon Bago Pumasok sa Paaralan | Primaryang Edukasyon | Sekundaryang Edukasyon | | Mas mataas na edukasyon |
|---|---|---|---|---|
| | Kinakailangang Edukasyon (Compulsory Education) | | | |
| Kindergarten | Elementarya (6 na taon) | Junior high school (3 taon) | Senior High School (3 taon) | College (4 na taon) |
| | | | | Junior College (2 taon) |
| | | | College of Technology (6 na taon) | |









May mga "pampublikong paaralan" na itinayo at pinamamahalaan ng pambansa, prefectural at munisipal na pamahalaan, at mayroon ding mga " pribadong paaralan". Sa compulsory education ng elementarya at junior high school, pwedeng pumili ng pampublikong paaralan or pribadong paaralan. Ngunit kung pipiliin pumasok sa pribadong paaralan, kailangan kumuha ng test sa pagpasok sa paaralan. Madalas na mas mahal ang tuition fee sa pribadong paaralan kumpara sa pampublikong paaralan.

Maaaring pumili ng lugar ng edukasyon depende sa patakaran sa edukasyon ng tahanan. Dahil maraming opsyon sa pagpili pagkatapos ng compulsory education, inirerekomendang pag-usapan ng magulang at anak ang mga pagpipilian.

Ji Ha Yun

**【Para sa katanungan】**

Citizens' and Cultural Affair Division at Multicultural Promotion Section ng siyudad ng Kawasaki
Kawasaki Frontier Bldg., 9F 11-2 Ekimae Honcho, Kawasaki ku, Kawasaki city 〒210-0007
Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa 70% pulp na lumang papel.

古紙パルプ配合率70%再生紙を使用